Republika ng Pilipinas
Republic of the Philippines
Kagawaran ng Edukasyon
Department of Education
REHIYON V (BIKOL)
REGION V (BICOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF IRIGA CITY

28 Marso 2022

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 61 s. 2022

PAGPAPASKIL NG BISYON AT MISYON NG KAGAWARAN NG EDUKASYON

Sa: Nanunuparang Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Superbisor ng Edukasyon
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Iba't Ibang Opisyal sa Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay
Mga Punongguro (Elementarya at Sekundarya)
Mga Kawani

1. Bilang pakikiisa sa implementasyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 na may adhikaing maisalin sa tekstong Filipino ang lahat ng mandato ng Kagawaran ng Edukasyon, ang Dibisyon ng Lungsod Iriga ay nag-aatas sa paggamit ng Bisyon at Misyon sa tekstong Filipino.

2. Inaasahang ipapaskil ito sa lugar na madaling makikita at mababasa ng buong kawani at mag-aaral. Kalakip nito ang kopya ng mga ipapaskil na bisyon at misyon.

3. Anumang gastusin kaugnay nitó ay masisingil sa opisina alinsunod sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

4. Para sa agarang diseminasyon at patnubay.

DANILO E. DESPI
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

San Nicolas, Lungsod Iriga
(054) 299-2605
irigacity@deped.gov.ph

Kalakip sa Memorandum Pansangay Blg. 04 s. 2022

Bisyon ng DepEd

Pangarap natin ay mga Filipinong
masidhing nagmamahal sa kanilang bansa
at nagagamit ang mga kagalingan at halagahan sa
pagtamo ng kanilang ganap na potensiyal at makabuluhang
mag-ambag sa katatagan ng bayan.

Bilang publikong institusyong nakatuon sa mga mag-aaral,
ang Kagawaran ng Eukasyon
ay patuloy sa pagpapahusay ng sarili
upang higit na mapaglingkuran ang mga stakeholder nito.

Misyon ng DepEd

Pangalagaan at itaguyod ang karapatan ng bawat Filipino sa de-kalidad, pantay, makakultura at kompletong batayang edukasyon kung saan:

Matututo ang mga mag-aaral sa isang kapaligiran child-friendly, gender sensitive, ligtas, at kaiga-igaya;

Maayos ang daloy ng pagtuturo at patuloy na pangangalaga ng guro sa kapakanan ng bawat mag-aaral;

Tinitiyak ng mga tagapangasiwa at kawani , bilang tagapamahala ng institusyon, ang masigla at mapagkalingang kapaligiran tungo sa mabisang pagkatuto;

Aktibong nakikilahok at nakikibahagi ang pamilya, komunidad, at iba pang-stakeholder sa mga responsabilidad para sa pagpapaunlad ng panghabang-buhay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Pangunahing Halagahan ng DepEd
(DepEd Core Values)

MAKA-DIYOS
MAKATAO
MAKAKALIKASAN
MAKABANSA